



PANAWAGAN PARA SA MGA PAPEL AT PANANALIKSIK



daluyan JOURNAL NG WIKANG FILIPINO

Sa kauna-unahang pagkakataon ay magkakaroon ng pampanitikang isyu ang Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, ang opisyal na journal ng Sentro sa Wikang Filipino ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang mga isyu editor ay ang kuwentista't kritikong Rolando B. Tolentino at malikhaing eseyista at kuwentistang Vladimeir B. Gonzales.

Tumatanggap ang Unibersidad ng Pilipinas, Diliman Sentro ng Wikang Filipino ng mga malikhaing akda para ilathala sa Daluyan (Espesyal na Isyung Pampanitikan). Bilang journal na monolingguwal sa Filipino, pangunahing layunin nito na paunlarin at palawakin ang mga pag-aaral tungkol sa wika, panitikan at kulturang Filipino, at pagyamanin ang saliksik, kaalaman at diskurso sa iba't ibang disiplina gamit ang wikang Filipino.

Layunin ng espesyal na isyu ng Daluyan ang makakalap ng mga malikhaing akdang bumabagtas, nagmumunimuni, o/at humahamon sa mga bago at eksperimental sa panitikan at wika ng Pilipinas. Ang bago at eksperimental ay may tinutuligsa at dinadambana sa nauna't kasalukuyang panitikan, nakabatay sa politikal at panlipunang konteksto na naghuhudyat ng pagbabago at klasikal na kaganapan: pagtatapos ng termino ni Pangulong Aquino, ortograpiya at estandardisasyon sa wikang Filipino, K-12 na edukasyon, neoliberalismo, at iba pa.

Paano kakathain ang mga "like and share" na istorya ng mga pinapatay na aso sa Facebook kasabay ng artikulasyon sa Civil War sa Syria at sa politikal na pandarahas sa mga Lumad sa Mindanao? Ano-anong mga pampanitikang variety at register ang mababasa sa panahon ng CHED Memo 20, Series of 2013, K-12; outcomes-based Education at ASEAN Integration? Nahanap na ba ang mga sagot sa #NasaanAngPangulo sa kaniyang pag-alis sa puwesto, o natabunan na ang salaysay ng mga biktima ng Yolanda at Mamasapano ng mga #ALDUBSeeYouAgain, #PSYBringItOn at #OTWOLSurprise? Saan nagtatagpo at nalulusaw ang hangganan ng kamalayan at karanasang Wattpad sa kamalayan at karanasang Palanca? Inaasahang magiging daluyan ang Daluyan ng mga imbestigasyon at pagdidiskurso tungkol sa estado ng wikang Filipino sa pamamagitan ng makokolektang mga malikhaing proyekto.

Para sa mga akdang isusumite, kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon, elektroniko man o limbag na anyo. Kailangang sagutan ng awtor ang form na makukuha sa SWF na nagpapahayag na ang ambag na artikulo ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon.

Maaaring magsumite ng tatlong (3) maiikling tula at/o isang (1) mahaba na tula. Para sa maikling kuwento, personal na sanaysay, at dulang may isang yugto, kailangang hindi ito lalagpas sa 5,000 salita o 20 pahina. Kinakailangang naka-encode o komputerisado, doble-espasyo, gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos.

Isumite ang akda bilang lakip ng email sa swf.daluyan@gmail.com. Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, atbp. Kailangang matukoy ang markang bilang at angkop na caption sa hiwalay na papel. Ibabalik ang anumang biswal na materyal na itinagubiling ibalik ng awtor. Tungkulin ng awtor na kumuha ng permiso sa anumang materyal na may karapatang-ari.

Maglakip din ng tala hinggil sa sarili na naglalaman ng kasalukuyang posisyon, institusyong kinabibilangan, espesyalisasyon, mga pinakabagong publikasyon, pananaliksik at iba pang mahahalagang impormasyon.

Ang deadline ng pagsusumite ay sa **15 Oktubre 2015**.

Para sa karagdagang impormasyon,
maaring kumontak sa Sentro ng Wikang Filipino:

3/Palapag, Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal (SURP) E. Jacinto St., UP Diliman, Lungsod Quezon 1101
(02) 924-4747, (02) 426-5838, (02) 981-8500 lokal 4583